Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Laguna
Bayan ng Santa Cruz

FILE COPY
DATE: 5/6

# TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN

SINIPI SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA NA IDINAOS SA BATASANG BAYAN NOONG IKA-12 NG MAYO, 1999, MIYERKULES, SA GANAP NA IKA-9:15 NG UMAGA.

DUMALO:

KGG. HEIDI S. CIRIACO .............. PANG. PUNONG BAYAN
Kgg. Eugenio A. Javier, Jr. ...... Tagapangulo
Kgg. Florencio C. Odejar ......... Kagawad
Kgg. Ricardo B. Ramirez .......... Kagawad
Kgg. Bernardo E. Ison ............ Kagawad
Kgg. Louie C. de Leon ............ Kagawad
Kgg. Ariel T. Magcalas ........... Kagawad
Kgg. Edgardo T. Porca ............ Kagawad
Kgg. Jaime Alexander T. Calupitan. Kagawad
Kgg. Angelito U. Limjuco ......... Kagawad
Kgg. Jeffrey A. Villaseñor ....... Kagawad

## KAPASIYAHAN BLG. 099-T'99

**KAPASIYAHANG HUMIHILING SA KGG. RODOLFO S. SAN LUIS, KINATAWAN SA IKAAPAT NA DISTRITO NG LAGUNA NA MAPAGKALOOBAN ANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LAGUNA NG HALAGANG ISANG MILYON SIYAMNARAANG LIBONG PISO (₱1,900,000.00) PARA SA PAGPAPAGAWA AT PAGSASAAYOS NG TULAY NG SANTO ANGEL CENTRAL PATUNGO SA PAMILIHANG BAYAN.**

**SAPAGKA'T**, matapat na hangarin ng bayan ng Santa Cruz, na maipagawa at maisaayos ang tulay ng Santo Angel Central, upang matiyak ang kaligtasan sa pagdaan ng mga sasakyan at mga mamamayan;

**SAPAGKA'T**, lubhang nangangamba ang mga mamamayan sa nakikitang pagkabulok ng ilang mga bahagi ng tulay ng Santo Angel Central;

**SAPAGKA'T**, tiniyak ng Tanggapan ng Laguna Engineering istrict ng Kagawaran ng Pagawaing Bayan at Lansangan na dala ng ganitong kalagayan ay maliliit na mga sasakyan lamang ang maaaring makadaan sa nasabing tulay;

**SAPAGKA'T**, ang kapakanan at kapakinabangan ng higit na nakararaming mga mamamayan ang siyang ninanais at minimithi ng pamahalaang bayan ng Santa Cruz;

**SAPAGKA'T**, walang sapat na pondo ang pamahalaang bayan upang ipagawa at isaayos ang nasabing tulay;

**KUNG KAYA'T, DAHIL DITO**, sa mungkahi ng Kgg. Kag. Louie de Leon, na pinangalawahan ng Kgg. Kag. Bernardo E. Ison na ngayo'y sa buong pagsang-ayon at pagkakaisa ng lahat na kaharap, ay

**PINAGPASIYAHAN:** Na hilingin sa Kgg. Rodolfo S. San is, Kinatawan ng Ikaapat na Distrito ng Laguna na pagkalooban ang bayan ng Santa Cruz, Laguna ng halagang ,900,000.00 para sa pagpapagawa at pagsasaayos ng tulay ng Santo Angel Central patungo sa pamilihang bayan.

**PINAGPASIYAHAN PA:** Na ipaabot ang taos-pusong pasasalamat sa Kgg. Kinatawan Rodolfo S. San Luis, na siyag nagmamal kit ra sa kapakanan ng mga mamamayan sa bayan ng

**INIUUTOS:** Na padalhan ng sipi ng kapasiyahang ito ang Kgg. Kinatawan Rodolfo San Luis, Kgg. Punong Bayan, Pambayang Inhinyero, Pambayang Pinuno sa Pagpaplano at Pagpapaunlad, lahat sa bayang ito, para sa kanilang kabatiran at kaukulang hakbang.

**PINAGTITIBAY.**

**PINATUTUNAYAN** kong tumpak at wasto ang nasasaad sa kapasiyahang ito.

JEANETTE P. ALFONSO
Kalihim ng Sangguniang Bayan

**NAGPATUTOO:**

HEIDI S. CIRIACO
Pang. Punong Bayan
Tagapangulo

**PINAGTIBAY:**

DOMINGO G. PANGANIBAN
Punong Bayan

SANGGUNIANG BAYAN
RECORDED
BY:
DATE
STA. CRUZ, LAGUNA